REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 05-137

KAPASIYAHAN NA BUMABATI AT KUMIKILALA KAY NADYESDA B. PONSONES SA PAGKAHIRANG BILANG ISA MGA "ULIRANG NAKATATANDA AWARD" NA PINAMAHALAAN NG KAGAWARAN NG PANLIPUNAN AT PAGLILINGKOD AT NG COALITION OF SERVICES OF THE ELDERLY (COSE) NOONG IKA-8 NG SETYEMBRE, 2005.

****

Sponsored by: **Kgg. Elmer S. Espeleta**
Kgg. Bal Niefes
Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Christian Glenn D. Lorica
Kgg. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Rene Carl S. Cayetano
Kgg. Artemio A. Simundac
Kgg. Allen F. Ampaya
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Mario E. Bulay, Jr.

****

SAPAGKAT, si ***Nadyesda Balgos Ponsones*** ay may idad na pitumpu't dalawa (72) taong gulang at kasalukuyang Presidente ng Federation of Senior Citizen-Muntinlupa Chapter at Senior Citizen ng Barangay Cupang, Lungsod ng Muntinlupa na naninirahan sa #94 Viñalon St., Cupang, Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, si ***Nadyesda Balgos Ponsones*** ay naglingkod sa **Kilusang Bayan ng mga Magtitinda sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa (BMBPM)** mula 1980 hanggang 1990 kung saan ginampanan niya ang pangalawang pinakamataas na puwesto bilang **Vice Chairperson** ng taong 1986;

SAPAGKAT, siya ay aktibo sa pagpapatupad ng mga proyekto ng Senior Citizen sa kanilang barangay lalo na ang proyektong **DAMAYAN** na kung saan ay maraming natulungan sa pagpapabilis ng proseso ng benepisyo para sa mga namatay at namatayan;

SAPAGKAT, sa kanyang aktibong pakikipagtulungan sa mga programa ng bawat lugar at sa tiwalang ibinigay ng kanyang mga kasamang opisyales at pamilya sa kanyang kakayanan kung kaya't siya ay nanalo bilang **Presidente** ng **Cupang Senior Citizen Association, Inc. (CUSCAI)** ng taong 2001;

SAPAGKAT, dahilan sa kanyang dedikasyon at kasipagan, siya ay nanatiling **Presidente ng Cupang Senior Citizen Association, Inc. (CUSCAI)** hanggang taong 2004 at ang pagiging miyembro niya ng Kiwanis na lalong nagpalawak ng kanyang mapagkukunan upang mas lalong maabot at matulungan ang mga nangangailangan;

SAPAGKAT, bilang halal na **Pangulo ng Federation of Senior Citizens Association of the Philippines Inc.-Muntinlupa Chapter (FSCAP-Muntinlupa)** at sa tulong ng **Office of the Senior Citizens (OSCA)** ay patuloy niyang pinalawak ang paggampan sa kanyang tungkulin sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga senior citizens sa bawat barangay at ang pagbibigay ng tamang serbisyo at programa na pakikinabangan ng mga ito;

SAPAGKAT, ang patimpalak ay sinalihan ng humigit sa dalawampung (20) mga presidente mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa;

SAPAGKAT, si ***Nadyesda Balgos Ponsones*** ay ginawaran ng trophy at halagang Limang Libong Piso at pinangaralan ng isang Certificate of Recognition for "***ULIRANG NAKATATANDA AWARD 2004***";

SAPAGKAT, ang natamong karangalan ni ***Nadyesda Balgos Ponsones*** ay hindi lamang isang karangalan para sa kanyang pamilya at mga kasamahan kundi para sa ating bansa at higit sa lahat sa Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang patuloy na pagganap at pagtulong ni ***Nadyesda Balgos Ponsones*** sa mga matatanda ay magbibigay ng inspirasyon at magiging huwaran sa mga mamamayan ng Muntinlupa at upang ipakita na hindi hadlang ang katandaan upang patuloy na gampanan ang mga tungkuling nakaatang;

SAPAGKAT, ang nabanggit na dedikasyon at kasipagan ni ***Nadyesda Balgos Ponsones*** sa kanyang tungkulin ay naging batayan ng Sangguniang Panlungsod upang siya ay kilalanin at bigyan ng parangal;

NGAYON, DAHIL DITO, buong pagkakaisang pinapagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na kumikilala kay ***Nadyesda Balgos Ponsones*** sa kanyang tinamo bilang isa sa mga nanalo ng titulong **"ULIRANG NAKATATANDA AWARD"** na ginawaran ng award noong Oktubre sa "***Selebrasyon ng Elderly Filipino Week".***

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito si ***Nadyesda Balgos Ponsones*** sa flag raising ceremony ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY, ng ***Ika-Apat na Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-***8*** ng ***Setyembre 2005,*** sa ginanap na ika-***50*** Regular na Sesyon.

SUMASANG-AYON:

BAL NIEFES
Konsehal

RENE CARL S. CAYETANO
Konsehal

ALLAN REY A. CAMILON
Konsehal

ELMER S. ESPELETA
Konsehal

MELCHOR R. TEVES
Konsehal

FRANCIS IAN T. BAGATSING
Konsehal

ALLEN F. AMPAYA
Konsehal

LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

MARIO E. BULAY, JR.
Konsehal

CHRISTIAN GLENN D. LORICA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

ARTEMIO A. SIMUNDAC
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Asosasyon ng mga
Punongbarangay

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

Pahina 4
Kapasiyahang Panlungsod Bilang 05-137

LIBAN:

MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.
Konsehal

MARISSA COLE-RONGAVILLA
Konsehal

KEVIN B. DELGADO
Konsehal

MAMERTO T. SEVILLA, JR.
Konsehal

MGGL. ICASIANO M. DELA REA
Konsehal

JOSELITO V. AREVALO
Konsehal

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

PABLO B. SALAMAT, JR.
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

MGGL. RAUL R. CORRO
Pansamantalang Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

ALDRIN L. SAN PEDRO
Pansamantalang Punonglungsod
*Petsa:*_____